CITY OF LONG BEACH

PUBLIC NOTICE

PAMPUBLIKONG PAUNAWA

Hunyo 1, 2020

Ang mga COVID-19 Testing Site ay Kabilang sa mga Magsasara sa Lunes

Rapid Assessment Clinic, LBPD headquarters business desk ay magsasara din dahil sa kaguluhan sa sibil sa Long Beach

Long Beach, CA - Dahil sa patuloy na kaguluhan sa sibil, isasara ng Lungsod ng Long Beach ang mga COVID-19 testing site ngayong Hunyo 1, at hanggang karagdagang paunawa. Ito ay para sa kaligtasan ng publiko at mga propesyonal sa medikal.

Ang mga test site sa Long Beach na isasara ay kinabibilangan ng:

- Long Beach City College, Pacific Coast Campus (1305 E. Pacific Coast Hwy.)
- Long Beach City College, Veterans Stadium (5000 E. Lew Davis Dr.)
- Jordan High School (6500 Atlantic Ave.)
- Cabrillo High School (2001 Santa Fe Ave.)

Ang mga indibidwal na may mga appointment sa Hunyo 1 ay hindi na kinakailangang gumawa ng bagong appointment; ang kanilang appointment ay igagalang sa ibang araw na magbukas ang site.

Ang mga bagong appointment ay kinakailangan para sa lahat ng mga bagong testing site at maaaring gawin online o sa pagtawag sa 562.570.INFO (4636).

Ang iba pang mga pasilidad na sarado bukas ay kinabibilangan ng:

- The Rapid Assessment Clinic (RAC), na matatagpuan din sa Long Beach City College Pacific Coast Campus
- Long Beach City Hall (411 W. Ocean Blvd.)
- Port of Long Beach Administration Building (415 W. Ocean Blvd.)
- Ang business desk sa headquarters ng Long Beach Police Department (400 W. Broadway)

Ang mga taong may mga appointment sa telepono o sa personal sa mga lokasyon na nabanggit sa itaas ay maaaring maapektuhan ng mga emerhensiyang pagsasara na ito.

CITY OF LONG BEACH

PUBLIC NOTICE

Ang Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach (562.570.NEWS o jic@longbeach.gov) at ang COVID-19 information line ng Lungsod (562.570.INFO) ay bukas sa Hunyo 1. Ang Refuse at recycling collection at paglilinis ng kalsada ay magaganap pa rin tulad ng dati.

Sa Mayo 31, ang Lungsod ng Long Beach ay nagdeklara ng a local na emerhensiya at nagpatupad ng curfew sa buong lungsod mula 8 p.m. Mayo 31 hanggang 5 a.m. sa Hunyo 1. Ang lokal na emerhensiya at curfew sa buong lungsod ay maaaring tumagal kung kinakailangan ng sitwasyon.

Ang mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyong ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS,jic@longbeach.gov